Republic of the Philippines

Department of Education

**NATIONAL CAPITAL REGION**

Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS

(USLeM)

# FILIPINO


**Bumuo sa Pagsusulat ng USLeM**

| | |
|---|---|
| **Manunulat atTagaguhit:** | Virgie Anne Rose B. Concepcion |
| **Tagalapat:** | Hannah Krystelle Q. Del Rosario |
| **Tagasuri ng Nilalaman at Tagasuri ng Wika:** | Mario N. Pardiñez |
| **Tagapamahala:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR |
| | Mrs. Ma. Evalou Concepcion A. Agustin, SDS SDO-Pasig City |
| | Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR |
| | Dennis M. Mendoza, LR EPS – NCR |
| | Dr. Ma. Gloria G. Tamayo, Filipino EPS-NCR |
| | Ma. Teresita E. Herrera, Filipino SDO EPS, Pasig, City |
| | Wilma Q. Del Rosario, LR EPS SDO-Pasig City |
| | Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR |


**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)**

# ARALIN: Paggamit ng Iba't Ibang Uri ng Pangungusap sa Pagsasalaysay ng Napakinggang Balita

## Mga Inaasahan

Sa pagtatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahan na:

A. nagagamit ang iba't ibang uri ng pangungusap sa pagsasalaysay ng napakinggang/binasang balita(F5PN-IVa-d-23)
B. natutukoy ang iba't ibang uri ng pangungusap sa pagsasalaysay ng napakinggang/binasang balita at;
C. nasasagot nang buong husay ang mga nakalaang tanong at pagsasanay.

## Unang Pagsubok

**Panuto: Pakinggan at unawain nang mabuti ang balitang babasahin ng iyong guro/ magulang.**

***Mural Painting Project*, *Frontliners* ang Bida**
Ni: Virgie Anne Rose B. Concepcion

Isang Mural Painting Project ang inilunsad ng Iloilo Municipal Office para sa pagpupugay at pasasalamat sa kabayanihan ng ating mga frontliners. Ang mural na ito ay makikita sa pader ng isang gusali sa Corner Ledesma Street, Lungsod ng Iloilo.

Ang obrang may imahen ng labing-apat na mukha ng frontliners mula sa iba't ibang propesyon ay pininta ng Grupong Abay gamit ang latex paint.

Ayon sa isa sa visual artist na miyembro ng grupo," Masaya kami as a group na na-appreciate po. Nakatutulong kami sa community at nakapagbibigay kami po ng tribute sa ating frontliners through art."

Ayon naman sa alkalde ng lungsod na si G. Jerry Trenas, ang proyekto ay nagbibigay ng inspirasyon sa bawat frontliners upang ipagpatuloy ang dakilang serbisyo sa bayan.

Tunay na kahanga-hanga at natatangi ang pinakitang pagmamalasakit ng ating mga kababayang Ilonggo sa frontliners.

Ang proyekto ay sinimulan noong unang linggo ng Agosto at inaasahang matatapos sa huling linggo ng Septyembre, 2020.

**Panuto: Gumawa ng limang pangungusap batay sa napakinggang balita. Isulat sa patlang ang uri ng pangungusap ayon sa hinihingi ng bawat bilang.**

Pasalaysay 1.________________________________________________________

Patanong 2.________________________________________________________

Pautos 3.________________________________________________________

Pakiusap 4.________________________________________________________

Padamdam 5.________________________________________________________

## Balik-Tanaw

**Panuto: Tukuyin ang bawat pariralang nakasalungguhit kung ito ay sanhi o bunga. Isulat sa loob ng kahon ang tamang kasagutan.**

1. <u>Nakatanggap ng karangalan si Eya</u> <u>dahil nag-aral siyang mabuti</u>.

   [ ] [ ]

2. <u>Maaaring mahawa ng *COVID-19*</u> <u>ang hindi nagsusuot ng *face mask*</u>.

   [ ] [ ]

3. <u>Nakapaglaro si Ben</u> <u>dahil tinapos niyang lahat ng kaniyang gawain</u>.

   [ ] [ ]

4. <u>Kumain ng masustansiyang pagkain</u> <u>upang hindi magkasakit.</u>

   [ ] [ ]

5. <u>Natutuwa ang lahat kay Ana</u> <u>dahil siya ay masipag at magalang</u>.

   [ ] [ ]

## Maikling Pagpapakilala ng Aralin

**Isa sa mga kapuri-puring katangian at likas sa ating mga Pilipino ang pagiging matulungin. Sa katunayan, ang kaugaliang ito ay minana pa natin sa ating mga ninuno. Ang simbolo ng pagtutulungan sa ating kultura ay tinatawag na "bayanihan".**

**Kung noong unang panahon ang bayanihan ay isinasagawa sa pagtatanim, pag-aani at sa paglilipat ng isang bahay sa ibang lugar, sa iyong pakikinggang balita ay makikilala mo ang makabagong pamamaraan ng bayanihan lalo na sa panahon ngayong may pandemyang COVID-19.**

**Pakinggan at unawaing mabuti ang balitang babasahin ng iyong guro/ magulang. Sagutin ang mga tanong tungkol dito.**

### ***Community Pantry*: Makabagong Bayanihan!**

Ni: Michaela Mancera

Nagsimula sa isang hangarin na makapagbigay ng tulong sa mga mamamayan ng isang komunidad ang ngayon ay kilala sa tawag na *"community pantry"* na kasalukuyang nagkalat na sa iba't ibang bahagi ng bansa.

Sa Maginhawa, Quezon City unang nagkaroon ng tinatawag na community pantry sa pangunguna ni Anna Patricia Non noong ika-15 ng Abril, 2021. Mula sa Maginhawa ay unti-unting sumibol ang mahigit 100 community pantry sa iba't ibang bahagi ng bansa. Lubos na kahanga- hanga!

Ang pinakalayunin ng community pantry na ito ay maghatid ng tulong sa mga mamamayan na labis na nangangailangan, lalong-lalo na ngayong kasagsagan ng pandemya.

"Malaking tulong po talaga ito, lalo na sa panahon ngayon. Pero 'yong iba, huwag pong umabuso para lahat makakuha po," sabi ng isang *tricycle* drayber na nagboluntaryong mag-aayos ng mga donasyon sa *community pantry*. "Kaya sundin lang po sana 'yong *reminder:* Magbigay ayon sa kakayahan. Kumuha batay sa pangangailangan,pakiusap pa niya.

Magmula nang maitayo ang iba't ibang *community pantry* ay dumagsa rin ang mga taong nag-aabot ng donasyon gaya ng mga gulay, itlog, bigas at gamot. Ang *community pantry* na ito ay tinatawag ding "Makabagong Bayanihan" dahil upang makakalap nang mas maraming donasyon ay ginagamit ang impluwensya ng *social media platform*. Sa pamamagitan ng pagpost ng *netizens* ng mga larawan tungkol sa magandang layunin ng community pantry ay dumadami ang mga tumutulong, nagbibigay ng tulong at matutulungan pa ng gawaing ito.

**Mga Tanong:**

1. Ano ang paksa ng balitang iyong napakinggan?
   ______________________________________________
2. Sino ang nagsimula ng *community pantry*?
   ______________________________________________
3. Saan unang nagkaroon ng *community pantry?*
   ______________________________________________
4. Kailan unang nagkaroon ng *community pantry*?
   ______________________________________________
5. Ano ang pangunahing layunin ng *community pantry*?
   ______________________________________________
6. Anong mga bagay o produktong maaring ibigay bilang donasyon sa *community pantry?*
   ______________________________________________
7. Ano ang pakiusap ng isang nagboluntaryong *tricycle* drayber sa mga taong natutulungan ng community pantry?
   ______________________________________________
8. Bakit tinawag na "makabagong bayanihan" ang *community pantry*?
   ______________________________________________
9. Ang *community pantry* ay isang pamamaraang nagpapakita ng bayanihan o pagtutulungan. Bilang isang batang katulad mo, paano ka makatutulong sa panahon ngayon na may pandemya?
   ______________________________________________

**Basahin ang mga sumusunod na pangungusap na kinuha sa balita:**

1. Ang pinakalayunin ng *community pantry* ay maghatid ng tulong sa mga mamayan na labis na nangangailangan.
2. Ano nga ba ang mahalaga ngayon?
3. Pakiusap niya na magbigay ayon sa kakayahan at kumuha batay sa pangangailangan.
4. Sundin lamang po ang mga *reminder.*
5. Lubos na kahanga- hanga!

**Ano ang napansin mo sa mga pangungusap? Ang inyong binasa ay halimbawa ng iba't ibang uri ng pangungusap.**

**Ito ang iba't ibang uri ng pangungusap.**

- Ang **unang pangungusap (1)** ay naglalahad ng isang katotohanan na naganap sa balita. Ito ay pangungusap na **pasalaysay.**

  Ang **pangungusap na pasalaysay** ay maaaring nagkukuwento o nagsasalaysay. Nagtatapos ito sa bantas na **tuldok(.).**

  **Halimbawa:** 1. Ipinaaalala ng pamahalaan na hindi dapat kalimutan at pabayaan ang pangangalaga sa kapaligiran.
  2. Ang pagtutulungan ay isang kaugaliang kaaya-aya sa ating mga Pilipino.

- Ang **ikalawang pangungusap** (2) ay pangungusap na humihingi ng kasagutan. Ito ang pangungusap na **Patanong**.

  Ang **pangungusap na patanong** ay nagsisiyasat o nagtatanong. Nagtatapos sa bantas na **tandang pananong(?)**.

  **Halimbawa:** 1. Ano ang mga gawaing pangkalusugan na iyong dapat sundin para hindi magkasakit?
  2. Bakit kailangang pangalagaan ang ating kalusugan?

- Sa **ikatlong pangungusap** (3) ay humihingi ng pabor. Ito ang pangungusap na **Pakiusap.**

  Ang **pangungusap na pakiusap** ay ginagamitan ng magagalang na salita upang makiusap. Maaaring gamitan ito ng bantas na **tuldok (.)** o **tandang pananong (?)**.

  **Halimbawa:** 1. Maaari mo bang itapon ang balat ng saging sa basurahan?
  2. Pakilinis ang iyong mesa pagkatapos mong kumain.

- Ang pangungusap sa **ikaapat** (4) na bilang ay pangungusap na nag-uutos. Ito ang pangungusap na **pautos**.

  Ang **pangungusap na pautos** ay nagpapahayag ng obligasyong dapat gawin. Nagtatapos ito sa bantas na **tuldok(.)**

  Halimbawa: 1. Ilagay mo sa iyong bulsa ang kalat.
  2.Diligan mo ang mga halaman sa labas.

- Ang **huling pangungusap** (5) ay nagsasaad ng masidhing damdamin. Ito ang pangungusap na padamdam.

  Ang pangungusap na padamdam ay maaring nagsasaad ng tuwa, galit, gulat o takot. Nagtatapos ito sa bantas na **tandang padamdam(!).**

  **Halimbawa:** 1. Yehey! Nanalo ako.
  2. Naku! Nahulog ang bata.

## Gawain

**Pakinggang mabuti ang balitang babasahin ng iyong guro/ magulang.**

### *Cornerstone* ng CFC, Susi sa Pagbabasa

Ni: Mario N. Pardiñez

Binuo ng samahang *"Couples for Christ"* (CFC) ang programang *"Cornerstone"* bilang isa sa kaagapay ng ating mga paaralan at komunidad para sa paglinang ng kaalaman ng mga mag-aaral lalo na sa larangan ng pagbabasa.

Layunin ng programang maturuan ang mga batang nasa edad 7-8 na taong gulang (nasa ikatlong baitang) na makapagbasa at matuto tungkol sa *Christian Life* sa pamamagitan ng pagdalo ng mga estudyante sa klase at pagsasanay tuwing Sabado sa oras ng ika-8 ng umaga hanggang ika-12 ng tanghali sa mga paaralan ng Lungsod Pasig.

Sa programang *"Cornerstone",* maraming mag-aaral ang napili para sa programa upang matuto at maturuan ng organisasyon.

Sa loob ng isang buong taon hanggang sa buwan ng Marso, inaasahang tapos na sa mga sesyon ang mga mag-aaral at ganap na ang pagkatuto.

Ilang guro at magulang ay sang-ayon dito sapagkat sa programang ito, nakapag-aral ng libre ang mga mag-aaral at libre rin ang pagkain para sa mga estudyante.

**Panuto: Lagyan ng masayang mukha 🙂 kung ang pangungusap na ginamit ay nagsasalaysay ng mga pangyayari sa balita at malungkot na ☹ mukha kung hindi.**

________1. Binuo ng samahang *"Couples for Christ"* (CFC) ang programang *"Cornerstone".*

________2. Naku! Hindi ka matutulungang magbasa ng *"Cornerstone".*

________3. Layunin ng programa na maturuan ang mga batang nasa edad 7-8 taong gulang (nasa ikatlong baitang) na makapagbasa at matuto tungkol sa *Christian Life.*

________4. Inaasahang ang mga mag-aaral ay matapos sa mga sesyon at ganap na ang pagkatuto.

________5. Ang ilang guro at magulang ay sang-ayon sa programang *" Cornerstone".*

## Tandaan

Ginagamit ang iba't ibang uri ng pangungusap sa mga balita, kuwento at iba pang babasahin.

Ang **pangungusap na pasalaysay** ay maaaring nagkukuwento o nagsasalaysay at nagtatapos ito sa bantas na tuldok **(.)**.

Ang **pangungusap na patanong** ay nagsisiyasat o nagtatanong at nagtatapos sa tandang pananong **(?)**.

Ang **pangungusap na pautos** ay nag-uutos at nagpapahayag ng obligasyong dapat gawin at nagtatapos sa bantas na tuldok **(.)**.

Ang **pangungusap na pakiusap** ay ginagamitan ng magagalang na salita upang makiusap. Maaaring gamitan ito ng bantas na tuldok **(.)** o tandang pananong **(?)**.

Ang **pangungusap na padamdam** ay nagsasaad ng masidhing damdamin at nagtatapos sa tandang padamdam **(!)**.

## Pag-alam sa mga Natutuhan

**Pakinggang mabuti ang balitang babasahin ng iyong guro/ magulang.**

### ALS, Patuloy na Isinasagawa

Ni: Mario N. Pardiñez

Matagumpay ang pagseserbisyo ng mga paaralan para sa implementasyon ng Alternative Learning System sa mga kabataan at iba pang mamamayan na nais makatapos sa pag-aaral.

Karamihan sa mga nakapasa sa ALS ay naghahanapbuhay na at ang iba ay naghangad na makatapos hanggang kolehiyo. Noong nakaraang taon maraming nakapasa at na accelerate sa kolehiyo.

Malaking tulong ang ALS sa pagtupad ng mga pangarap sa buhay ng mga mag-aaral. Ang Alternative Learning System ang magiging kaagapay ng mga mag-aaral na nais pang makatapos at matupad ang mga pangarap sa buhay.

**Panuto: Gumawa ng limang pangungusap batay sa napakinggang balita. Isulat sa patlang ang pangungusap ayon sa hinihingi ng bawat bilang.**

Pasalaysay 1.______________________________
Padamdam 2.______________________________
Patanong 3.______________________________
Pakiusap 4.______________________________
Pautos 5.______________________________

## Pangwakas na Pagsusulit

**Pakinggang mabuti ang balitang babasahin ng iyong guro/magulang.**

**Lipad, Ingenuity! Lipad!**

Ni: Michaela Mancera

Noong ika-20 ng Abril, 2021 ay gumawa ng isang kasaysayan ang maliit na *rotorcraft* ng NASA *(National Aeronautics and Space Administration)* na pinangalanang *"Ingenuity"* dahil sa ito ang kauna-unahang sasakyang panghimpapawid na matagumpay na nakagawa ng isang kontroladong paglipad sa ibabaw ng *Jezero Crater* sa planetang Mars.

Ang makasaysayang paglipad na ito ay may kaugnayan sa tinatawag na *NASA's Technology Demonstration Projects*. Inilunsad ng *NASA* ang nasabing proyekto upang alamin kung maaaring makapagbigay ng impormasyon mula sa himpapawid ng planetang Mars sa mga susunod pang paggalugad na gagawin dito.

"Matagal na kaming nag-iisip kung magkakaroon ba ng pagkakataon na mararamdaman namin ang pakiramdam ng Wright Brothers nang unang beses nilang makapagpalipad ng eroplano sa ating planeta? Ngunit ngayon, nandito na ang aming pinakahihintay," saad ni MiMi Aung, ang tagapamahala ng paglipad ni *Ingenuity*, bilang pagpapahayag sa tuwang kaniyang nararamdaman.

Aminado rin ang *NASA* na marami pang katanungang hindi nasasagot sa kanilang paggalugad sa planetang Mars. Kaya naman sila ay humihingi ng pasensya sa lahat ng naghihintay ng balita at bagong impormasyon. Sila rin ay nakikiusap na sana ay hindi tayo mapagod na suportahan ang kanilang mga proyekto.

**Panuto: Hango sa napakinggang balita, gumawa ng isang buod na talata gamit ang iba't ibang uri ng pangungusap.**

| PUNTOS | Pamantayan sa Paggawa ng buod |
|---|---|
| **5** | Nakagamit ng limang (5) uri ng pangungusap na may tamang bantas. |
| **4** | Nakagamit ng apat (4) na uri ng pangungusap na may tamang bantas. |
| **3** | Nakagamit ang tatlong (3) uri ng pangungusap na may tamang bantas, |
| **2** | Nakagamit lamang ng dalawang (2) uri pangungusap na may tamang bantas |
| **1** | Nakagamit lamang ng isang (1) uri ng pangungusap na may tamang bantas. |

## Susi sa Pagwawasto

| Paunang Pagsubok | Balik- tanaw | Gawain |
|---|---|---|
| 1. sariling | 1. Bunga, sanhi | 1. 🙂 |
| 2. sagot | 2. Bunga, sanhi | 2. ☹️ |
| 3. ng | 3. bunga, sanhi | 3. 🙂 |
| 4. bata | 4. Sanhi, bunga | 4. 🙂 |
| 5. | 5. Bunga, sanhi | 5. 🙂 |

| Pag-alam sa Natutunan | Pangwakas na Pagsusulit |
|---|---|
| 1. sariling | 1. sariling |
| 2. sagot | 2. sagot |
| 3. ng | 3. ng |
| 4. bata | 4. bata |
| 5. | 5. |

## Sanggunian

https://www.facebook.com/abscbnNEWS/videos/325916208716800

https://news.abs-cbn.com/news/04/23/21/maginhawa-community-pantry-nagsimula-nang-ilipat-sa-mas-malaking-espasyo?

Alab Filipino-Ikalimang Baitang
Vibal Group, Inc. 2016

https://www.jpl.nasa.gov/news/nasas-ingenuity-mars-helicopter-completes-first-one-way-trip?